# Our Compass

Ericsson Code of Business Ethics

ERICSSON

# Isang mensahe mula sa ating Pangulo at CEO

**Pagtatagumpay sa isang komplikadong mundo**
Sa Ericsson, tayo ang nangunguna sa paglikha ng isang mundo kung saan gumaganda ang buhay, nagbabago ang negosyo, at nakapagsisimula ng sustainable na kinabukasan dahil sa walang limitasyong connectivity. May kaakibat na malaking responsibilidad ang ating posisyon at ang papel na ginagampanan natin, at sineseryoso natin ito.

Nakapagtaguyod tayo ng isang malaking pandaigdigang organisasyon at nasa paborable tayong kalagayan para umunlad at magtagumpay—kasama ang mahigit sa 100,000 diverse na empleyado sa anim na kontinente at patuloy pa nating nahihigitan ang ating ipinagmamalaking pinagmulan sa Sweden. Para maging isang tunay na nangunguna sa industriya, kailangan din tayong makilala bilang isang pandaigdigang pinuno sa kung paano tayo nagsasagawa ng negosyo at kung paano tayo nagpapatakbo sa mundo. Ang pamumunong ito ay nangangailangan ng sama-sama nating pagtuon, at nagsisimula ito sa pagkakaroon natin ng tiwala sa ating mga sarili, sa ating mga kasamahan, at sa kumpanya: na may kritikal na pag-iisip, gumagamit ng mahusay na pagpapasya, at palaging kumikilos nang may integridad.

Ang isa sa ating mga pangunahing haligi ng pamamahala, ang Kodigo ng Etika sa Negosyo, ay nagtatakda ng ating mga inaasahan sa ating mga kasamahan at ginagabayan ang bawat isa sa atin habang gumagawa tayo ng mga desisyon, namamahala ng panganib, at nakikipagtulungan sa ating mga kapwa empleyado, customer, partner, may-ari, at iba pang stakeholder.

**Integridad at kahusayan sa pagpapatakbo**
Tayo ay nagpapatakbo sa isang komplikadong pangnegosyong kapaligiran. Normal na ngayon ang matinding kompetisyon, mga geopolitikal na tensyon, pagbabago ng klima, kawalang katiyakan ng ekonomiya, at mga alitan sa maraming bahagi ng mundo.

Bilang batayang prinsipyo sa Ericsson, isinasaalang-alang natin ang access sa connectivity bilang isang pangunahing pangangailangan ng tao, at hinahangad nating suportahan ito kahit saan, hangga't ligtas ang ating mga kasamahan at hanggang puwede tayong magpatakbo alinsunod sa ating mga batayang pinapahalagahan at para sa ikabubuti ng Ericsson.

Nakadepende ang kakayahan nating makamit ang layuning ito at harapin ang mga komplikasyon sa paligid natin, unang-una, sa ating mga tao at sa ating kultura. Kailangan nating maging positibo at magkaroon ng kumpiyansa habang nakatuon sa pagkakaroon ng tiwala, transparency, bukas na komunikasyon, ethics, at mahusay na paghuhusga. Dapat ay patuloy natin itong isabuhay sa ating paraan ng pagtatrabaho araw-araw at dapat ay nakatuon tayo sa kahusayan at integridad ng pagpapatakbo sa lahat ng antas, para magawa nating umangkop, makipagkumpitensya, at magtagumpay. Kapag kumikilos ang ating mga tao alinsunod dito, makapagdudulot tayo ng positibong epekto sa lipunan—saanman tayo nagpapatakbo.

Dapat ay patuloy nating pagtuunan ang ating mga customer, at maghatid tayo ng mga de-kalidad na teknolohiya at serbisyo. Gayunpaman, palagi tayong dapat umaksyon para sa pinakamainam na ikabubuti ng Ericsson. Kung may bagay na sumasalungat sa ating mga pangunahing pinapahalagahan o sa ating pinakamainam na ikabubuti, dapat natin itong iwasan.

Partikular akong nakatuon sa pagtitiyak na nasa paborableng kalagayan ang Ericsson para magtagumpay sa mga darating pang henerasyon. Pero kinakailangan nito na magtulungan tayong lahat. Kailangan nating siguraduhin na hindi na uulitin sa hinaharap ang mga pagkakamali sa nakaraan. Para mahusay na makapagpatuloy sa hinaharap, kinakailangang maunawaan natin ang nakaraan at matuto tayo rito.

Madalas nating talakayin ang hindi magagandang aksyon na nagdulot sa ating pakikipagkasundo sa US Department of Justice (DOJ) at sa US Securities and Exchange Commission (SEC). Nagsagawa tayo ng malalaking hakbang para bigyang solusyon ang mga problema sa organisasyon na nagbigay-daan para mangyari ang hindi magandang asal na ito at para makapagtaguyod ng mas matatag na kumpanya. Pero marami pa tayong dapat gawin, at magiging isa itong tuloy-tuloy na paglalakbay na higit pa sa pagsubaybay.

**Ang ating pamamahala at ang ating Compass**
Ang isang kompanyang kasing laki ng Ericsson ay nangangailangan ng malilinaw na patakaran sa kung paano dapat kumilos at magtrabaho ang ating mga empleyado. Ang aming Compass ay isang mahalagang bahagi ng aming Core Governance Pillars na ipinakilala upang magbigay ng kalinawan sa kung paano kami gumagawa ng mga desisyon, tiyakin ang pananagutan at pamahalaan ang panganib.

Ang isa pa sa Core Governance Pillars na ipinakilala at ipinatupad noong 2023 ay ang aming Material Group Risk Protocol at ang Business Risk Committee, na namamahala sa kung paano namin pinamamahalaan ang mga materyal na panganib. Ibabahagi ang higit pang impormasyon tungkol sa iba pang mga haligi ng pamamahala ng grupo sa mga darating na buwan.

Binubuo ng mga haliging ito ang pundasyon sa kung paano tayo sama-samang nagpapatakbo at naghahatid ng kinakailangang kaayusan, mga pamantayan, at disiplina sa ating trabaho. Ipinapatupad ang mga prosesong ito para suportahan at pangasiwaan ang sama-sama nating trabaho—hindi para palitan ang maganda at kinakailangang pagpapasya ng tao at kritikal na pag-iisip.

Itinaguyod ng paggawa ng magagandang desisyon ang ating pangmatagalang tagumpay, at para magawa ito, kailangang panatilihing updated ang bawat isa, magtanong at hamunin ang mga ideya, at masusing isaalang-alang ang mga impormasyon at panganib kaugnay ng isang desisyon. Hindi magiging perpekto ang lahat ng desisyon; may ilang external factor na hindi natin palaging makokontrol, at magkakaroon ng mga problema habang patuloy na umiikot ang mundo. Pero sama-sama natin itong gagawin, at sa pagsasagawa ng diskarteng inilarawan sa itaas, habang maingat na umuusad, umaangkop, at nagbabago nang magkakasama, magtatagumpay tayo.

Inaasahan naming magiging komportable ang lahat na malayang makapagsalita at hamunin ang isa't isa, at palaging bukas ang Ericsson speak up hotline para sa anumang alalahanin kung may naniniwalang nasa panganib ang ating mga etikal na inaasahan na itinakda sa ating Compass. Palagi nating tandaan na palaging may kaakibat na responsibilidad ang pagtatanong at paghamon sa kung ano ang nangyayari. Hindi lang ito tungkol sa pagtukoy ng mga isyu at panganib, kung hindi tungkol din sa pagbuo ng nakakaengganyo at nagbibigay-solusyong usapan.

Sa pagsunod sa ating Compass, makakatiyak tayong etikal ang ating mga desisyon at aksyon at kumikilos ang Ericsson bilang isang positibong pandaigdigang puwersa. Sa pamamagitan nito, patuloy nating makukuha ang paggalang at mapapanatili ang pagtitiwala, hindi lang ng ating mga kasamahan, customer, vendor, investor, bangko, at partner pero, mas mahalaga, ng lipunan sa kabuuan. Ang bawat isa sa atin ay tagapangalaga ng Ericsson, at dapat ay priyoridad nating gawin ang tama.

**Pagpapatuloy sa hinaharap**
Lubos akong naniniwala na magbibigay sa atin ng magandang bentahe ang etikal na pamumuno at patuloy nating maipagmamalaki na bahagi tayo ng Ericsson. Hindi natin ito ginagawa para malagyan ng tsek ang kahon o para lang masapatan ang mga inaasahan ng iba. Ginagawa natin ito para maging isang mas matatag na kumpanya at matiyak ang pagtatagumpay sa mahabang panahon. Panghuli, ang pagpapatakbo nang may pinakamatataas na pamantayan at responsableng pagsasagawa ng negosyo nang may integridad ang tanging paraan para makapagdulot tayo ng totoo at positibong pagbabago. Nakadepende ang kinabukasan ng ating kumpanya sa pagbabago ng ating kultura sa paraang magiging mas malakas tayo, at lahat tayo ay may pananagutang gampanan ang ating papel sa kultural na pagbabagong iyon.

Sa huli, ang ating tagumpay ay, at palaging magiging, dahil sa ating mga kasamahan. Naniniwala ako na nasa atin ang pinakamahuhusay na kasamahan sa industriya, at wala nang iba pang team na mas may kakayahang harapin ang mga hamong nararanasan natin at makakakuha ng mga bagong oportunidad sa hinaharap.

Gawin nating hangaring magtagumpay sa hinaharap. Sana-sama, isinusulat natin ang susunod na kabanata ng aklat tungkol sa Ericsson, na itinaguyod sa pamumuno sa industriya at pamumuno sa kung paano tayo nagsasagawa ng negosyo. Alam kong maaasahan ko kayong lahat!

Hangad ko ang ikabubuti ng lahat,

**Börje Ekholm**
Pangulo at CEO



# Gamitin ang ating Compass




Ang Compass ay ang iyong gabay sa mga etikal na pamantayan at inaasahan ng Ericsson. Nakahanay ito sa ating mga prinsipyong pinapahalagahan na pagiging propesyonal, paggalang at pagsisikap, na nagbibigay-daan sa atin na mamuno nang may integridad. Sa pamamagitan ng madalas na pagsangguni dito, magkakaroon ka ng kumpiyansang nakaayon ang iyong mga aksiyon at desisyon sa mga kinakailangan ng Ericsson para sa etikal na gawain sa negosyo.

# Laging tandaan ang 3 Ps kapag kumikilos ka para sa Ericsson

P1

## Ano ang **layunin (Purpose)** ng aksiyon ko?

- May lehitimo bang dahilan sa negosyo para sa pagkilos na ito?
- Para ba sa ikabubuti ng Ericsson ang pagkilos?
- Anong mga panganib ang posibleng dala ng pagkilos na ito? Paano ko mababawasan ang mga ito?

P2

## Anonng mga **prinsipyo (Principles)** ang dapat gumabay sa pagkilos ko?

- Ang pagkilos ba ay legal at naaayon sa ating Compass at steering documents?
- Ang pagkilos ba ay etikal at naaayon sa ating mga pagpapahalaga?

P3

## Ano ang magiging **pananaw (Perception)** sa pagkilos ko?

- Ano ang magiging dating ng pagkilos ko kung lumabas ito sa balita?
- Magkakaroon ba ng negatibong epekto sa reputasyon ng Ericsson ang pagkilos ko?

# Talaan ng Mga Nilalaman

## Our Code, Our Compass


| | | |
|---|---|---|
| 1.1 | Manatiling may kaalaman sa mga inaasahan ng Ericsson pagdating sa etika | 07 |
| 1.2 | Alamin ang iyong mga responsibilidad kapag nagtatrabaho para sa Ericsson | 08 |
| 1.3 | Maglapit ng mga alalahanin kaugnay ng etika at pagsunod | 09 |


## Ang ating mga tao at lugar ng trabaho


| | | |
|---|---|---|
| 2.1 | Tratuhin ang lahat nang may panggalang, sa paraang tumatanggap sa lahat, at nang may dignidad | 11 |
| 2.2 | Magbigay ng mga makatarungan at mainam na kundisyon sa pagtatrabaho at respetuhin ang mga karapatan sa unyon ng manggagawa | 12 |
| 2.3 | Tiyakin ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan | 13 |
| 2.4 | Ipagbawal at pigilan ang sapilitang pagtatrabaho, human trafficking, at pagpapatrabaho ng bata | 14 |


## Ang ating negosyo, mga customer, at mga supplier


| | | |
|---|---|---|
| 3.1 | Magsagawa ng negosyo nang may integridad – at zero tolerance sa katiwalian | 16 |
| 3.2 | Kumilos para sa ikabubuti ng Ericsson | 17 |
| 3.3 | Makipagkumpitensya batay sa husay ng ating mga teknolohiya at alok | 18 |
| 3.4 | Makipagtulungan lang sa mga third party na may parehong paninindigan sa integridad | 19 |
| 3.5 | Sumunod sa mga batas ukol sa internasyonal na pakikipagkalakalan at batas laban sa money laundering | 20 |


## Ang ating mga asset at intellectual property


| | | |
|---|---|---|
| 4.1 | Protektahan ang kumpidensyal na impormasyon at intellectual property | 22 |
| 4.2 | Gamitin ang impormasyon at mga asset ng kumpanya sa responsableng paraan | 23 |
| 4.3 | Protektahan ang personal na data | 24 |
| 4.4 | Magpanatili ng mga tamang pinansyal na kontrol at pigilan ang panloloko | 25 |
| 4.5 | Makipag-ugnayan sa responsableng paraan | 26 |


## Ang ating pagtuon sa lipunan at kapaligiran


| | | |
|---|---|---|
| 5.1 | Itaguyod ang karapatan sa privacy at kalayaan sa pagpapahayag | 28 |
| 5.2 | Itaguyod ang ating pagtuon sa environmental sustainability | 29 |
| 5.3 | Bigyang-kakayahan at suportahan ang mga lokal na komunidad | 30 |

# Our Code, Our Compass

## Nakatuon tayo sa pagsasagawa ng ating negosyo sa etikal at responsableng paraan — sa lahat ng pagkakataon


| | | |
|---|---|---|
| 1.1 | Manatiling may kaalaman sa mga inaasahan ng Ericsson pagdating sa etika | 07 |
| 1.2 | Alamin ang iyong mga responsibilidad kapag nagtatrabaho para sa Ericsson | 08 |
| 1.3 | Maglapit ng mga alalahanin kaugnay ng etika at pagsunod | 09 |





01

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Manatiling may kaalaman sa mga inaasahan ng Ericsson pagdating sa etika

## Isinasaad ng ating Compass ang mga inaasahan ng ating kumpanya sa kung paano tayo nagsasagawa ng negosyo.

Ang Code of Business Ethics ay ang ating Compass at isa sa mga pangunahing haligi ng pamamahala ng korporasyon ng Ericsson. Ginagabayan tayo ng Compass sa pagsasagawa ng ating negosyo nang propesyonal, magalang, at may integridad.


Nalalapat ang Compass hindi lang sa mga regular na empleyado ng Ericsson, kundi pati na rin sa sinumang tao na kinokontrol ng Ericsson ang pang-araw-araw na trabaho at mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng lahat ng entity na direkta o hindi direktang kinokontrol ng Ericsson. Inaatasan natin ang mga third party na nakikipagtulungan sa Ericsson na sumunod sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa ating Compass sa pamamagitan ng pagtupad sa ating Code of Conduct for Business Partners.

Responsibilidad nating sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon. Dagdag pa rito, kinakailangan nating sumunod sa ating Compass, at sa lahat ng steering documents ng Ericsson na naaangkop sa atin batay sa ating heograpiya, tungkulin sa trabaho, o sa aktibidad na ating ginagawa. Ang anumang kinakailangan sa dokumentong ito na sumunod sa ating Compass ay laging kinabibilangan ng kinakailangang sumunod sa naaangkop na steering documents. Panghuli, kung naiiba ang anumang kinakailangan sa ating Compass mula sa mga kinakailangan ayon sa batas, lagi mo dapat sundin ang mas mahigpit na pamantayan.

Gumagamit tayo ng teknolohiya, kasama na ang artificial intelligence, sa responsable, patas, at etikal na paraan. Kasama rito ang pagtuon sa pangangasiwa ng tao para matiyak ang kaligtasan, pagiging inklusibo, transparency, privacy ng data, pananagutan, at pangkalahatang kapakanan ng lipunan at kapaligiran.

Ang mga paglabag sa ating Compass ay posibleng humantong sa pagdidisiplina, kasama ang pagkakatanggal sa trabaho – anuman ang iyong posisyon sa kumpanya. Gayunpaman, nauunawaan din natin na kung minsan ay nagkakamali ang mga tao kahit na mabuti ang kanilang intensyon. Kung mangyayari iyon, o kung mayroon kang tanong o alalahanin, maging responsable, transparent, at magsalita.

Kung hindi ka sigurado kung paano naaangkop sa iyo ang ating steering documents, humingi ng gabay sa iyong line manager. Puwede ka ring lumapit sa mga kaugnay na function gaya ng People Function o Group Function Legal Affairs & Compliance. Halimbawa, ang Compliance Office, Compliance Consultation Desk, at Ethics & Compliance Portal ay nag-aalok ng payo at mga kaugnay na pag-apruba sa mga usapin sa etika at pagsunod.



**Learn more**

Useful links

- Our company story
- Ericsson on the Move
- EGMS App - PowerApps

CoBE Relevant Documents:

- See section 1.1. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Alamin ang iyong mga responsibilidad kapag nagtatrabaho para sa Ericsson

## Kumikilos tayo nang may integridad sa lahat ng pagkakataon.

Alinsunod sa ating layunin at mga pagpapahalaga, dapat tayong kumilos nang responsable, nang may katapatan at integridad kapag nagsasagawa tayo ng negosyo bilang mga kinatawan ng Ericsson, anuman ang ating tungkulin. Nangangahulugan ito na lagi dapat tayong kumilos nang may integridad, kahit na ang ibig sabihin nito ay mawawalan tayo ng oportunidad sa negosyo. Dagdag pa rito, dahil sa obligasyong kumilos nang may integridad, bawat isa sa atin ay kinakailangang maglapit ng alalahanin sa pagsunod kung may kahit sino sa atin na nakakaalam o may pinaghihinalaang mga paglabag sa batas, sa ating Compass, o sa ating steering documents, o may anupamang impormasyon na posibleng maglagay sa Ericsson o sa reputasyon nito sa panganib.

Kapag hiniling, dapat kang makipagtulungan nang husto sa anumang pagsisiyasat, pag-audit, o pagtatasa na isinasagawa ng Ericsson o ng lehitimong third party, kasama na ang pagbibigay ng access at hindi pagsira o pagbago kahit kailan sa data, mga talaan, o mga pakikipag-ugnayan na may kinalaman sa trabaho nasaan man ang mga ito.

At kung isa kang manager, miyembro ng Executive Team, o miyembro ng Lupon ng mga Direktor, mayroon kang napakahalagang tungkulin – responsable ka sa paghimok ng kultura ng integridad at pagsunod!

**Dapat gawin ng mga pinuno at line manager ang mga sumusunod:**

- Hikayatin at suportahan ang mga miyembro ng team sa pagtatanong at makipag-usap sa kanila tungkol sa mahihirap na sitwasyong may kinalaman sa etika
- Siguraduhin na may wastong pagsasanay ang mga miyembro ng team at siguraduhin na alam nila kung paano sumunod sa ating Compass at steering documents
- Iwasang i-pressure ang mga team sa panganib na hindi direktang mahikayat ang hindi etikal na pagkilos o paglabag sa ating steering documents
- I-report ang mga potensyal na maling gawain at suportahan ang mga miyembro ng team kapag nagpahayag sila ng mga alalahanin



**Learn more**

Useful links

- Compliance @ Ericsson

CoBE Relevant Documents:

- See section 1.2. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Maglapit ng mga alalahanin kaugnay ng etika at pagsunod

## Lahat tayo ay dapat magsalita kung may mukhang hindi tama.

**Kung may mukhang hindi tama:**

- Kausapin ang iyong line manager o ang nakakataas sa iyong manager
- Kausapin ang isang tao sa People Function o Group Function Legal Affairs & Compliance, o kaya ay
- Makipag-ugnayan sa Ericsson Compliance Line. (Kapag ginagamit ang Ericsson Compliance Line, puwede mong piliing manatiling anonymous kapag pinapahintulutan ng lokal na batas.)

Ang Ericsson Compliance Line ay hino-host ng isang independent na third party, na nangangasiwa sa lahat ng report sa ligtas at kumpidensyal na paraan. Available ito 24/7 sa lahat ng internal at external na stakeholder sa mahigit 60 wika.

Dapat tayong magsalita kapag may mga nakikita o pinaghihinalaan tayong paglabag sa ating Compass. Puwedeng humantong sa pandisiplinang pagkilos kung hindi tayo magsasalita. Ang iyong mga alalahanin ay tatasahin ng Allegation Management Office na posibleng may mga karagdagang tanong. Posibleng imbestigahan ito ng Corporate & Government Investigations o pangasiwaan ito ng iba pang kaugnay na function.

Poprotekahan ka laban sa paghihiganti kapag naglapit ka ng tunay na alalahanin sa pagsunod nang may mabuting hangarin – hindi namin kinukunsinti ang anumang anyo ng paghihiganti.

Kung ikaw ay isang line manager o iba pang pinagkakatiwalaang tao at may naglapit sa iyo ng alalahanin sa pagsunod, dapat mo itong i-report sa Group Function Legal Affairs & Compliance o sa Ericsson Compliance Line. Bagama't posibleng kailanganing makipag-usap sa taong nag-report para mas maunawaan ang katangian ng kanyang alalahanin bago mo ito i-report, mahalagang huwag mong subukang magsagawa ng sarili mong pagsisiyasat dahil posibleng may sangkot na mga kumplikadong legal na isyu.

Dapat maramdaman ng mga manager na may kakayahan silang lutasin ang ilang usapin, gaya ng mga isyu sa performance at hindi pagsunod sa proseso, pero dapat silang maglapit ng mga alalahanin tungkol sa etika sa negosyo at maling pagkilos.

Lagi kang may karapatang maglapit ng mga alalahanin sa iyong unyon ng manggagawa o mga kinatawan sa konseho ng trabaho – pero dapat ka ring mag-report ng mga potensyal na paglabag sa ating Compass sa pamamagitan ng mga wastong pamamaraan sa Ericsson.

Hindi mo kinakailangang isuko ang iyong mga karapatang lumahok sa legal na proseso kapag nakapag-report ka na. Kung magre-report ka ng alalahanin sa pagsunod sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa Ericsson, hindi mo kakailanganing pumirma ng kasunduan sa hindi pagsisiwalat.



**Learn more**

Useful links

- Reporting Compliance Concerns

CoBE Relevant Documents:

- See section 1.3. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

02

# Ang ating mga tao at lugar ng trabaho

Maaabot mo ang iyong buong potensyal at magtatagumpay ka sa lugar ng trabaho na tumatanggap sa lahat at nagbibigay ng suporta. Iginagalang natin ang dignidad ng bawat tao at nagtatrabaho tayo alinsunod sa lahat ng karapatang pantao at karapatan sa paggawa na kinikilala sa buong mundo, kasama ang mga karapatang nakabalangkas sa International Bill of Human Rights at sa International Labor Organization's Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work.


| | | |
|---|---|---|
| 2.1 | Tratuhin ang lahat nang may paggalang, sa paraang tumatanggap sa lahat, at nang may dignidad | 11 |
| 2.2 | Magbigay ng mga makatarungan at mainam na kundisyon sa pagtatrabaho at respetuhin ang mga karapatan sa unyon ng manggagawa | 12 |
| 2.3 | Tiyakin ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan | 13 |
| 2.4 | Ipagbawal at pigilan ang sapilitang pagtatrabaho, human trafficking, at pagpapatrabaho ng bata | 14 |

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Tratuhin ang lahat nang may paggalang, sa paraang tumatanggap sa lahat, at nang may dignidad

## Gumagawa tayo ng nagbibigay-suportang kapaligiran sa trabaho na nakabatay sa respeto.

Ang pagtrato sa ating mga kasamahan nang may paggalang, dignidad, at pagtanggap ay nakakatulong na maipakita ang pinakamahuhusay na katangian ng lahat, at ito ang tamang gawain. Sa Ericsson, ang pagtiyak sa sikolohikal na kaligtasan ng ating mga empleyado ang pinakamahalaga at walang puwang para sa pangha-harass, pagbabanta, pambu-bully, o karahasan laban sa kahit sino.

Hindi namin kinukunsinti ang anumang anyo ng panliligalig, diskriminasyon, paghihiganti, pagbabanta, o marahas na pagkilos, kasama ang:

- Pisikal, pasalita, o pasulat na pangha-harass na nakadirekta sa mga empleyado o sinumang third party habang nasa trabaho (sa loob o labas man ng opisina, o online)
- Pambu-bully, pananakot, mapoot na pagkilos, pamamahiya, diskriminasyon, o sikolohikal na pagmamaltrato
- Mga nakakasakit o nanghahamak na puna, biro, larawan, o paggamit ng hindi naaangkop na salita para tawagin ang isang tao
- Hindi gustong atensyon o pisikal na kontak o iba pang paglabag sa privacy o personal na espasyo
- Pagkilos na naglalayong gambalain o pigilan ang mga normal na aktibidad sa trabaho

Alam nating lumalakas tayo bilang kumpanya dahil sa ating pagkakaiba-iba. Ang pagkakaroon ng lugar na trabaho na maraming pagkakaiba at tumatanggap sa lahat ay nakakatulong na siguraduhin na nakukuha natin ang pinakamagagaling na talento sa mundo, nagsusulong tayo ng inobasyon, at nagdadala tayo ng mas magagandang resulta sa ating mga customer. Gusto nating maramdaman ng lahat na sila ay pinapahalagahan at tinatanggap.

Lahat tayo ay dapat tumulong sa pagtiyak na ang Ericsson ay isang lugar kung saan puwedeng lumago at mabigyang-kakayahan ang lahat — sa kabila ng mga salik tulad ng kanilang personal na pinanggalingan, mga pananaw sa pag-iisip, o kapansanan.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Mag-recruit, magbigay ng gantimpala, at mag-promote ng mga tao batay sa husay
- Pigilan ang nepotismo at iba pang nandidiskriminang kasanayan
- Iwasan ang anumang pagkilos na posibleng magpadama sa isang empleyado na siya ay hindi isinasama o hindi tinatanggap. Nalalapat ito habang nasa o sa labas ng mga oras ng trabaho, sa loob o labas ng mga lugar ng Ericsson, at habang nasa mga external na event o bumibiyahe para sa negosyo.



**Learn more**

**CoBE Relevant Documents:**

- See section 2.1. of CoBE Relevant Documents
- Check with local People function for local steering documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Magbigay ng mga makatarungan at mainam na kundisyon sa pagtatrabaho at respetuhin ang mga karapatan sa unyon ng manggagawa

Sinusuportahan namin ang karapatan ng lahat sa makatuwiran, ligtas, at mainam na mga kundisyon sa pagtatrabaho at bumuo at sumali sa mga unyon ng manggagawa at makisangkot sa collective bargaining.

**Kasama rito ang:**

- Pagtanggap ng nakasulat na dokumento na nasa wikang naiintindihan mo, na nagbabalangkas ng mga pangunahing tuntunin at kundisyon ng iyong pagtatrabaho
- Patas at makatuwirang suweldo, at mga tuntunin at kundisyon, na sa pinakamababa ay kinabibilangan ng sahod na sapat para sa normal na pamumuhay
- Sapat na pahinga at paglilibang para masuportahan ang maayos na balanse sa trabaho at pamumuhay, kasama na ang mga oras ng pagtatrabaho na naaayon sa mga internasyonal na pamantayan
- Pagbuo o pagsali sa mga independent na unyon ng manggagawa pati na rin sa collective bargaining.

Dapat mong irespeto ang kalayaang sumali sa samahan at karapatan sa collective bargaining ng lahat ng kasamahan mo, at hindi mo dapat limitahan ang mga karapatang ito sa paraang labag sa batas. Hindi ka pinapayagang itrato nang iba ang kahit sino batay sa kanilang desisyong sumali – o huwag sumali – sa isang unyon ng manggagawa o katulad na organisasyon, at dapat ay may kakayahan ang mga kinatawan ng unyon ng manggagawa na epektibong makipag-ugnayan sa mga empleyado.



**Learn more**

Useful links

- Business and Human Rights Statement
- Respect for human rights

CoBE Relevant Documents:

- See section 2.2. of CoBE Relevant Documents
- Check with local People function for local steering documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan


# Tiyakin ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan

Sama-sama tayong nagtatrabaho para siguraduhin na magkakaroon ng ligtas at maayos na kapaligiran ng trabaho para sa lahat.

Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para mapanatili kang ligtas at maayos sa trabaho at inaasahan naming gagawin mo ang lahat ng iyong makakaya para mapangalagaan ang sarili mo at ang kahit sino pang nagtatrabaho kasama mo. Ang layunin natin ay hindi magkaroon ng anumang pagkamatay, pinsala, o sakit na may kinalaman sa trabaho. Lahat tayo ay kailangang magtulungan para makamit ang Target Zero, at ang Ericsson Care ay ang ating pangkabuuang diskarte para makamit ito.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Laging magtrabaho nang responsable at ligtas, gumamit ng mga tamang tool at personal na kagamitang pamproteksyon, kumpletuhin ang nakatalagang pagsasanay sa kaligtasan, at sumunod sa mga panuntunan sa kalusugan at kaligtasan (kasama ang Mga Panuntunang Pansagip-buhay) para matiyak na walang pinsalang darating sa ating mga empleyado o supplier
- Maagap na tumulong para makagawa ng kapaligirang nagtataguyod ng kalusugan, kaligtasan, at kapakanan para sa lahat
- Tukuyin, ilapit, at pagaanin ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan
- Magsulong ng kultura ng pagsasalita na ligtas sa sikolohikal na paraan, kung saan puwedeng i-report ng lahat ang mga salik na hadlang sa kaligtasan at kapakanan
- Pigilan ang mga psychosocial na panganib at hindi magandang disenyo ng trabaho sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga mainam na workload at kalinawan ng tungkulin at pag-iwas sa magkakasalungat na demand
- Huwag magtrabaho nang nakainom o nakagamit ng mga ilegal na substance
- Huwag magtrabaho nang nakainom ng gamot kung mailalagay noon sa alanganin ang kalusugan o kaligtasan ng kahit sino
- I-report ang anumang insidente sa kalusugan at kaligtasan gamit ang Global Incident Reporting Tool para maiwasan itong maulit
- Magsalita at huminto sa pagtatrabaho kung nag-aalala ka tungkol sa kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng iyong kasamahan o supplier. Kung hindi naitama ang sitwasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong line manager at lokal na kinatawan ng kalusugan at kaligtasan at dapat mong i-report ang isyu sa Global Incident Reporting Tool.



**Learn more**

Useful links

- Health, safety and well-being

CoBE Relevant Documents:

- See section 2.3. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Ipagbawal at pigilan ang sapilitang pagtatrabaho, human trafficking, at pagpapatrabaho ng bata

## Nagtatrabaho tayo rito dahil malaya nating pinili na gawin ito, at sinusuportahan natin ang karapatan ng mga bata.

Sa Ericsson, mahigpit na ipinagbabawal ang anumang anyo ng pang-aalipin o pananamantala – kasama ang human trafficking at sapilitan, puwersahan, o obligadong pagtatrabaho. Ang lahat ng trabahong isinasagawa para sa Ericsson ay dapat boluntaryo, may pahintulot ng magkabilang partido, at walang pamumuwersa o pagbabanta. Lahat tayo ay malayang umalis sa ating trabaho o assignment pagkatapos magbigay ng makatuwirang abiso alinsunod sa naaangkop na batas. Hinding-hindi ka dapat pumayag na mag-iwan ng mga deposito ng pera o papeles ng pagkakakilanlan sa Ericsson o ahensya ng pag-recruit.

Pinagbabawalan kang bumili para sa sarili mo o para sa ibang tao o magbigay-daan sa ibang tao na ibili ka ng mga serbisyong sekswal – o iba pang serbisyong may sekswal na katangian – habang nasa mga biyaheng sino-sponsor ng kumpanya o kaugnay ng negosyo ng kumpanya, anuman ang lokal na batas tungkol dito.

Itinataguyod at ipinagtatanggol natin ang mga karapatan ng mga bata at sinisigurado natin na may mga ipinapatupad na hakbang para sa proteksyon ng mga bata sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan sa mga bata. Mahigpit nating ipinagbabawal ang pagpapatrabaho ng bata at naglalapat tayo ng mga prinsipyo sa pag-iingat para maiwasang magdulot ng pinsala sa mga bata sa lahat ng ating pagpapatakbo. Dapat i-verify at idokumento ang edad ng isang indibidwal sa proseso ng pag-hire para matiyak na nasa wastong edad siya para magtrabaho.

?

**Pagkakaroon ng sapilitang paggawa**

Ang sapilitang paggawa ay laganap sa buong mundo at mayroon nito sa maraming industriya. Dapat mong isaalang-alang ang panganib na ito lalo na kapag kumukuha ka ng mga migranteng manggagawa, gumagamit ka ng mga labor broker, o gumagamit ka ng pansamantalang workforce. Hindi mo dapat hilingin sa mga potensyal na empleyado na magbayad ng mga singil para sa pag-recruit o ibang gastos na kaugnay ng serbisyo. Naaangkop ito gumagamit man ng ahensya para sa pag-recruit o hindi. Nakatuon ang Ericsson sa "prinsipyo na ang employer ang magbabayad" at ire-reimburse nito ang anumang bayarin sa pag-recruit na naipon ng isang manggagawa.



**Learn more**

Useful links

- Business and Human Rights Statement
- Respect for human rights

CoBE Relevant Documents:

- See section 2.4. of CoBE Relevant Documents

# Ang ating negosyo, mga customer, at mga supplier

Nakatuon tayo sa pagsasagawa ng negosyo nang may integridad at transparency at pagiging responsableng corporate citizen.




| | | |
|---|---|---|
| 3.1 | Magsagawa ng negosyo nang may integridad — at zero tolerance sa katiwalian | 16 |
| 3.2 | Kumilos para sa ikabubuti ng Ericsson | 17 |
| 3.3 | Makipagkumpitensya batay sa husay ng ating mga teknolohiya at alok | 18 |
| 3.4 | Makipagtulungan lang sa mga third party na may parehong paninindigan sa integridad | 19 |
| 3.5 | Sumunod sa mga batas ukol sa internasyonal na pakikipagkalakalan at batas laban sa money laundering | 20 |


03

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Magsagawa ng negosyo nang may integridad – at zero tolerance sa katiwalian.

## Hindi tayo gumagamit ng hindi naaangkop na impluwensya para manalo ng negosyo.

Ang reputasyon at tiwala ay mahirap makamit pero madaling mawala. Sa Ericsson, hinding-hindi natin hinahangad na magkaroon ng hindi naaangkop na impluwensya sa mga pagkilos ng kahit sino. Ang pag-aalok at pagbibigay ng anumang benepisyo sa isang pampublikong opisyal, kasamahan, customer, o iba pang third party bilang paraan para makakuha ng hindi makatarungang kalamangan ay tinatawag na panunuhol, at mahigpit itong ipinagbabawal. Hindi ka rin dapat humingi o tumanggap ng anumang katulad na benepisyo mula sa kahit sino.

Hindi natin kinukunsinti ang anumang anyo ng panunuhol o katiwalian. Dagdag pa rito, hindi mag-aambag ang Ericsson, direkta man o hindi direkta, sa mga pulitikal na partido o indibidwal na pulitiko maliban para suportahan ang mga boluntaryong kontribusyon ng empleyado na pinapayagan sa ilalim ng lokal na batas at sinusuportahan ng mga regulasyon sa pagre-report ng publiko.


Lagi mo dapat siguraduhin na ang mga regalo, libangan, hospitality, mga sponsorship, mga donasyon, at mga oportunidad sa trabaho ay nakakasunod sa ating steering documents at sa batas. Narito ang mga halimbawa ng mga mandatoryong kinakailangan na idinisenyo para makatulong na kumilos nang naaayon sa batas at nakakasunod:

- Huwag na huwag magbigay ng anumang personal na benepisyo sa mga indibidwal, tulad ng cash, mga katumbas ng cash, pautang, bakasyon, o mga katulad na benepisyo
- Maging masusi kapag nagbibigay ng anumang bagay sa mga pampublikong opisyal (o sa kanilang mga kamag-anak), at tandaan na nalalapat ang mga paunang pag-apruba at mas mahihigpit na panuntunan
- Kunin ang mga kinakailangang paunang pag-apruba at idokumento ang mga ito
- Huwag na huwag magbabayad ng lagay para mapabilis o matiyak ang regular na gawain ng pamahalaan (mga bayad sa pangangasiwa), gaya ng pagbibigay ng visa, permit, o lisensya
- Huwag gumamit ng mga personal na pondo o pondo ng ibang tao para gumawa ng isang bagay na hindi mo magagawa gamit ang mga pondo ng korporasyon, halimbawa ay ang pagbili ng mga ilegal na regalo gaya ng ivory, narcotics, o mga serbisyong sekswal
- Kumonsulta sa GFMC Government & Advocacy o Group Function Legal Affairs & Compliance bago makipagkita sa mga opisyal ng pamahalaan

?

**Ang mga pampublikong opisyal ay mga miyembro, empleyado, o kinatawan ng:**

- Mga pamahalaan – ito man ay pambansa, panrehiyon, o lokal
- Mga kumpanyang pagmamay-ari ng estado o kontrolado ng estado
- Militar, pulisya, at mga hukuman
- Mga pulitikal na partido, kandidato para maging pampublikong opisyal, at politically exposed person
- Mga pampublikong internasyonal na organisasyon (halimbawa, ang United Nations o ang World Bank)
- Mga maharlikang pamilya



**Learn more**

Useful links

- Anti-Corruption Compliance
- Gifts, entertainment and hospitality
- Contributions at Ericsson

CoBE Relevant Documents:

- See section 3.1. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Kumilos para sa ikabubuti ng Ericsson

## Mabilis at transparent tayong kumikilos para isiwalat ang anumang posibleng maging conflict of interest.

Sa ating trabaho para sa Ericsson, posibleng magkaroon ng mga sitwasyon kung saan ang ating propesyonal na pagpapasya ay puwedeng ituring na apektado ng iba pang salungat na interes na nauugnay sa mga relasyon at tungkuling pinapanatili natin sa labas ng Ericsson. Ito ay tinatawag na conflict of interest, at hindi ito maling-mali. Gayunpaman, bawat isa sa atin ay may responsibilidad na bigyan ng priyoridad ang mga lehitimong interes sa negosyo ng Ericsson. Sa tuwing may napag-aalaman tayong posibleng conflict of interest, hindi natin ito binabalewala; tinitiyak natin na naisisiwalat at napapangasiwaan ito nang maayos.

Dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Umiwas sa mga conflict of interest kapag kaya
- Isiwalat ang lahat ng sitwasyon, transaksyon, at relasyon na posibleng humantong o ituring na conflict of interest sa pamamagitan ng Ethics & Compliance Portal. Tutulungan ka ng Compliance Office at People Function na pangasiwaan ang sitwasyon.

Kasama sa mga halimbawa ng mga posibleng conflict of interest ang:

- Pakikipagtransaksyon sa mga third party, na pinagtatrabahuhan, o pagmamay-ari ng iyong mga kamag-anak, kaibigan, o dating kasamahan sa Ericsson
- Kumuha o mag-supervise ng kahit sinong mayroon kang personal na relasyon
- Pagtatrabaho sa iyong bakanteng oras para sa mga customer at supplier ng Ericsson
- Pagtatrabaho sa labas ng Ericsson o pag-ako ng mga responsibilidad o tungkulin bilang direktor na nakakagambala sa iyong performance sa trabaho, nag-aatas sa iyong gamitin ang mga kumpidensyal at pinagmamay-ariang impormasyon o asset ng Ericsson, o gagawa ng intellectual property
- Pakikipag-ugnayan sa ngalan ng Ericsson sa mga customer, supplier, o iba pang external na stakeholder ng isang kumpanya kung saan mayroon kang pagmamay-ari o iba pang makabuluhang pinansyal na interes



**Learn more**

Useful links

- Conflict of Interest
- Compliance consultation desk
- E&C Portal

CoBE Relevant Documents:

- See section 3.2. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Makipagkumpitensya batay sa husay ng ating mga teknolohiya at alok

## Patas tayong makipagkumpitensya.

Hindi tayo naghahanap ng mga bentahe sa kumpetisyon sa pamamagitan ng mga ilegal o hindi etikal na kasanayan sa negosyo. Hindi ka dapat kumuha o gumamit ng kumpidensyal na impormasyon sa hindi naaangkop na paraan, kasama ang impormasyon sa pag-bid sa kumpetisyon, na pagmamay-ari ng iba. Lagi ka dapat kumilos nang naaayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kumpetisyon, anti-trust, at patas na pakikipagkalakalan sa lahat ng iyong pakikipagtransaksyon sa mga customer, kakumpitensya, at supplier. Ibig sabihin nito, hindi ka dapat pumasok sa anumang kasunduan o lumahok sa mga talakayan na posibleng magdulot ng mga alalahanin sa kumpetisyon, tulad ng pakikipagkasundo sa presyo o pakikipagkasundo sa iba pang tuntunin ng pagbili o pagbebenta, pagbabahagi ng sensitibong impormasyon sa kumpetisyon, o iba pang pagkilos na tulad ng sa cartel. Kasama rito ang mga kasunduan sa mga third party na huwag i-hire ang mga empleyado ng isa't isa o pagkasunduan ang mga sahod. Ipinagbabawal din ang pag-abuso sa isang nangingibabaw na posisyon sa merkado.

Dapat kang makipag-ugnayan sa Group Function Legal Affairs & Compliance bago makipagnegosasyon tungkol sa mga kasunduan sa pagiging eksklusibo o hindi pakikipagkumpitensya o kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa anupamang usapin sa kumpetisyon.



**Learn more**

**Useful links**

- Compliance consultation desk

**CoBE Relevant Documents:**

- See section 3.3. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan


# Makipagtulungan lang sa mga third party na may parehong paninindigan sa integridad

Nakikipagtulungan lang tayo sa mga third party na sumusunod sa mga parehong pamantayan ng integridad na hinihingi natin sa ating mga sarili.

Posibleng magdulot ng malalaking panganib ang pakikipagtulungan sa mga third party kaya dapat maingat tayong kumilos – para hindi makompromiso ang mga prinsipyong ating ipinaglalaban. Ang ating negosyo ay patuloy na nakasalalay sa isang malaking network ng mga third party, gaya ng mga distributor, partner, supplier, agent, o consultant. Sinasalamin ng kanilang mga pagkilos ang reputasyon ng ating kumpanya katulad ng sarili nating mga pagkilos. Nakikipagtulungan lang tayo sa mga supplier at iba pang partner na may parehong mataas na pamantayan tungkol sa integridad, mga karapatang pantao, kalusugan at kaligtasan, at kapaligiran. Nagsasagawa tayo ng negosyo nang may integridad, responsable, at sumusunod sa mga legal na kinakailangan at mga regulasyon ng pamahalaan ng mga bansa kung saan tayo nagpapatakbo, at inaasahan natin na susunod ang ating mga third party sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Kumilos bilang tunay na may-ari ng negosyo
- Makipagtulungan lang sa mga kwalipikado at inaprubahang third party na sumasailalim sa ating mga responsableng proseso sa pag-source, kasama na ang ating proseso sa Third Party Management (TPM). Huwag na huwag gagamit ng third party para gumawa ng isang bagay na ang mga empleyado mismo ng Ericsson ay hindi pinapahintulutang gawin.
- Makilahok sa mga matapat at transparent na pakikipag-ugnayan sa mga third party at siguraduhin na pipirmahan at susundin nila ang ating Code of Conduct for Business Partners (o katumbas nito)
- Aktibong subaybayan ang anumang kundisyon kung saan ibinatay ang desisyon sa pag-apruba ng third party, at maging alisto tungkol sa mga red flag, materyal na pagbabago, at senyales ng babala
- Magpanatili ng mga tumpak na talaan ng third party, aksyunan ang anumang hindi pagsunod, at ipagbawal ang anumang pagtatangkang impluwensyahan ang mga desisyon sa pamamagitan ng mga hindi naaangkop na pagbabayad
- Magpatupad ng epektibong pagbabawas ng panganib, kasama ang mga pagkilos para sa pagwawasto at remedyo kapag naaangkop, kasama ang pagwawakas ng kontrata dahil sa mga paulit-ulit at/o matinding paglabag
- Maging partikular na maingat kapag nakikipagtulungan sa sinumang may hawak (o dating may hawak) ng kilalang pampublikong posisyon, o isang miyembro ng pamilya o malapit na kasamahan ng nasabing tao (PEP o Politically Exposed Person).



**Learn more**

Useful links

- Ericsson Responsible Sourcing
- TPM at Ericsson

CoBE Relevant Documents:

- See section 3.4. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Sumunod sa mga batas ukol sa internasyonal na pakikipagkalakalan at batas laban sa money laundering

Sumusunod tayo sa mga naaangkop na batas at regulasyong namamahala sa internasyonal na pakikipagkalakalan at laban sa money laundering.

Ang European Union (EU), United States (U.S.), at iba pang hurisdiksyon ay nagpapatupad ng mga batas ukol sa pakikipagkalakalan at mga sanction, kasama ang mga kontrol sa pag-export at customs, mga embargo, at mga sanction. Nililimitahan ng mga batas na ito ang mga tao, bansa, at entity kung kanino tayo puwedeng makipagtransaksyon, pati na rin ang mga hardware, software, at serbisyo na puwede nating ibigay. Nililimitahan din ng mga ito ang mga bansa kung saan puwedeng magsagawa ng trabaho ang Ericsson bilang kumpanya, at tayo bilang mga empleyado.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**


- Alamin ang anumang sanction, kontrol sa pag-import at pag-export na posibleng naaangkop sa iyong mga pakikipagtransaksyon sa negosyo sa ngalan ng Ericsson bago isagawa ang nasabing pakikipagtransaksyon at siguraduhin na kukuha ng lisensya kapag kinakailangan
- Siguraduhin na isinasagawa ang proseso ng Ericsson sa pagsusuri sa mga sanction bago mag-onboard ng mga bagong third party at isasagawa ito nang regular pagkatapos noon
- Makipag-ugnayan sa Trade Compliance sa GFLA Global Risk & Regulatory kapag may pagdududa at bago bumiyahe papunta sa anumang na-sanction na bansa para sa gabay kung paano gamitin ang iyong pantrabahong telepono at computer

Sinusuportahan natin ang malaya at patas na pakikipagkalakalan at nakatuon tayo sa pagsunod sa mga naaangkop na regulasyon laban sa pag-boycott. Laging humingi ng payo sa Group Function Legal Affairs & Compliance kung hindi ka sigurado sa legalidad ng isang pagkilos o kung pinapasali ka sa pag-boycott.

Alisto tayo tungkol sa mga kinakailangan sa pag-iingat ng mga talaan ng pananalapi at pag-uulat, mga batas at regulasyon laban sa money laundering, at mga batas at regulasyon na naaangkop sa terrorist financing. Ang money laundering ay isang ilegal na aktibidad kung saan tinatangka ng isang tao na itago ang mga tunay na pinagmulan ng perang nakuha sa pamamagitan ng krimen. Ang terrorist financing ay kapag ginagamit ang mga pondo para suportahan ang mga aktibidad ng terorista. Hindi pinapahintulutan ng Ericsson ang anumang aktibidad na nagreresulta sa money laundering o terrorist financing. Kapag nagtatrabaho sa mga lugar na may alam na aktibidad ng terorista, magsagawa ng mga karagdagang pag-iingat bago magbigay ng anumang resource sa hindi kilalang partido.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Huwag na huwag makikilahok sa transaksiyon sa negosyo kung naghihinala ka na may sangkot itong mga pondong konektado sa kriminal na aktibidad
- Sumunod sa lahat ng kinakailangan ng Ericsson sa responsableng pag-source at due diligence at i-report ang anumang red flag
- Bago bumiyahe sa mga lugar na may mga kilalang aktibidad ng terorista, siguraduhing nasa iyo ang mga kinakailangan at payo ng Ericsson Security Office



**Learn more**

Useful links

- GFLA Trade Compliance
- Trade Compliance Portal

CoBE Relevant Documents:

- See section 3.5. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

04

# Ang ating mga asset at intellectual property

Nakatuon tayo sa pagprotekta sa mga asset at intellectual property ng ating kumpanya pati na sa impormasyon at mga asset na ipinagkatiwala sa atin ng ating mga kasamahan, customer, at third party.


| | | |
|---|---|---|
| 4.1 | Protektahan ang kumpidensyal na impormasyon at intellectual property | 22 |
| 4.2 | Gamitin ang impormasyon at mga asset ng kumpanya sa responsableng paraan | 23 |
| 4.3 | Protektahan ang personal na data | 24 |
| 4.4 | Magpanatili ng mga tamang pinansyal na kontrol at pigilan ang panloloko | 25 |
| 4.5 | Makipag-ugnayan sa responsableng paraan | 26 |

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Protektahan ang kumpidensyal na impormasyon at intellectual property

## Gumagamit tayo ng kumpidensyal na impormasyon at intellectual property para sa mga wasto at awtorisadong layunin.

Ang ating teknikal at pinansyal na impormasyon, pati na ang ating intellectual property, ay napakahalaga sa ating tagumpay. Kasama rito ang impormasyon sa pananaliksik at pagpapaunlad (research and development), mga patent, mga plano at diskarte sa negosyo at produkto, at ang impormasyon ng customer at supplier.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Huwag pag-usapan ang kumpidensyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar o sa internet
- Mag-access o magbahagi lang ng kumpidensyal na impormasyon kung may lehitimong dahilan sa negosyo para gawin ito
- Mag-store lang ng kumpidensyal na impormasyon at impormasyong may kinalaman sa negosyo sa mga device at serbisyo sa cloud na awtorisado ng Ericsson
- Samahan ang iyong mga bisita sa mga opisina at pasilidad ng Ericsson
- Huwag kunin o gamitin ang impormasyon ng Ericsson kapag umalis ka sa kumpanya – lahat ng impormasyon ng kumpanya ay pagmamay-ari ng Ericsson.
- Huwag tangkaing kumuha ng kumpidensyal na impormasyon na pagmamay-ari ng iba pang kumpanya o third party sa hindi naaangkop na paraan

Lahat tayo ay may responsibilidad na mag-ingat sa mga banta sa seguridad – gaya ng malware o phishing – at sundin ang pinakamahuhusay na kagawian para protektahan ang impormasyon at mga asset ng Ericsson.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Panatilihing updated ang iyong computer at mga mobile device sa mga pinakabagong naaangkop na bersyon ng software at magpalit ng mga password mo kapag na-prompt
- Huwag magbahagi ng mga user ID (signum) o password
- Gamitin ang ibinigay na software para ligtas na maikonekta ang iyong laptop sa network ng Ericsson kapag wala ka sa opisina
- Gumamit lang ng mga awtorisado o naaprubahang software, device, at messaging app
- I-encrypt ang mga email na may anumang kumpidensyal o personal na impormasyon
- I-report ang lahat ng posibleng insidente sa seguridad sa pamamagitan ng Security Incident Management System (SIMS).



**Learn more**

Useful links

- Report security and privacy incidents
- Compliance consultation desk
- Security at Ericsson

CoBE Relevant Documents:

- See section 4.1. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Gamitin ang impormasyon at mga asset ng kumpanya sa responsableng paraan

## Hindi tayo nakikisali sa anumang anyo ng insider trading, at ginagamit natin ang mga asset ng kumpanya para lang sa mga lehitimong layunin.


Ang inside information ay makabuluhan at hindi pampublikong impormasyon tungkol sa Ericsson o iba pang kumpanyang magkakaroon ng malaking epekto sa presyo ng mga pinansyal na instrumento at security, gaya ng mga share, bond, o derivative, kung isisiwalat ito. Ilegal ang paggamit ng impormasyong ito o ang pagbibigay nito sa iba para makipagkalakalan sa mga pinansyal na instrumento at security. Tinatawag itong insider trading, at dapat itong iwasan sa lahat ng pagkakataon.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Huwag bumili o magbenta ng mga pinansyal na instrumento at security kapag may hawak na inside information o sabihan ang iba na gawin iyon
- Huwag magbahagi ng inside information sa kahit sino pati na sa mga kasamahan maliban kung mahigpit na kinakailangang malaman, at kung inaprubahan ng project leader
- Makipag-ugnayan sa Group Function Legal Affairs & Compliance bago makipagkalakalan kung hindi ka sigurado kung mayroon kang inside information

Inirerekomenda sa lahat ng empleyado ng Ericsson na huwag makipagkalakalan sa mga pinansyal na instrumento at security ng Ericsson sa loob ng 30 araw bago ang paglalathala ng mga pinansyal na ulat kahit na wala kang hawak na inside information.

Gamitin lang ang mga IT system at resource ng Ericsson para sa mga aktibidad na may kinalaman sa negosyo. Responsibilidad mong protektahan ang mga asset ng kumpanya laban sa maling paggamit, pagkaaksaya, pagnanakaw, at pagkawala. Kasama rito ang hindi paggamit ng mga resource sa IT ng Ericsson para sa anumang aktibidad na ilegal, nakaka-harass, sekswal, mapanirang-puri, nakakasakit sa lahi, lumalabag sa mga karapatang pantao, o may kinalaman sa sekswal na pang-aabuso ng bata.



**Learn more**

Useful links

- Security at Ericsson

CoBE Relevant Documents:

- See section 4.2. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Protektahan ang personal na data

## Pinoproseso natin ang personal na data sa responsableng paraan at alinsunod sa mga batas sa data privacy.

Pinoprotektahan natin ang personal na data at sinusuportahan natin ang mga pandaigdigang pagsisikap na pangalagaan ito. Ang personal na data ay impormasyong puwedeng iugnay sa isang makikilalang tao. Kasama sa mga halimbawa ang pangalan, address, numero ng telepono, IMEI (International Mobile Equipment Identity), IMSI (International Mobile Subscriber Identity), larawan, email, at impormasyon ng bangko o credit card.

Sumusunod tayo sa mga pandaigdigang prinsipyo at naaangkop na batas sa privacy, kasama ang General Data Protection Regulation (GDPR) ng EU. Mayroon din tayong Binding Corporate Rules at kasunduan ayon sa kontrata na namamahala sa kung paano tayo nagpoproseso at nagbabahagi ng data.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Mangolekta at magproseso ng personal na data alinsunod sa mga naaangkop na batas, mga prinsipyo sa proteksyon ng data, at steering documents at iba pang tagubilin ng Ericsson
- Siguraduhin na ipagbibigay-alam natin sa mga tao kung kanino tayo kumukuha ng personal na data at nauunawaan nila kung bakit ito kinokolekta at pinoproseso
- Gumamit ng personal na data para lang sa mga lehitimong layunin ng negosyo at mga inaprubahang paggamit na kailangan para sa iyong trabaho
- Ligtas lang na magbahagi ng personal na data sa mga tao (sa loob at labas ng Ericsson, kasama ang mga vendor, customer, at iba pang kasosyo) na awtorisadong makatanggap at magproseso ng nasabing data
- Mag-report ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa data sa Security Incident Management System (SIMS).



**Learn more**

Useful links

- Reporting security and privacy incidents

CoBE Relevant Documents:

- See section 4.3. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Magpanatili ng mga tamang pinansyal na kontrol at pigilan ang panloloko

Masikap, tumpak, at matapat nating itinatala ang lahat ng pinansyal na impormasyon.

Kailangan nating gumawa ng mga hakbang para mapigilan ang panloloko at mga iregularidad sa pananalapi. Dapat nating siguraduhin na ang ating mga transaksyon sa negosyo ay transparent at tumpak na naitatala. Ang paggawa ng mga mali o nakakapanlinlang na entry sa ating mga talaan, o pag-iwas sa mga internal na kontrol, ay mahigpit na ipinagbabawal at posibleng ilegal. Laging makipag-ugnayan sa Group Function Finance & Common Functions o sa iyong lokal na suporta sa pananalapi kung hindi ka sigurado kung ano ang dapat gawin at kung mayroon kang mga tanong o alalahaning may kinalaman sa pananalapi.

**Narito ang mga halimbawa ng mga mandatoryong kinakailangan para matiyak ang integridad ng ating mga talaan para sa negosyo:**

- Pumasok sa mga nakasulat na kontrata (hindi pasalita) kasama ng mga customer at third party
- Siguraduhing sinasalamin ang ating mga kontrata ang diwa ng komersyal na transaksyon
- Iwasang magbigay ng mga hindi pangkaraniwang insentibo o sumang-ayon sa mga kasunduang hindi para sa ikabubuti ng Ericsson
- Sundin ang awtoridad sa paglagda at paggastos at mga may kaugnayang proseso ng pag-apruba
- Itala ang lahat ng pinansyal na transaksyon alinsunod sa mga naaangkop na panuntunan at Mga Direktiba at Tagubilin sa Accounting ng Ericsson
- Huwag na huwag papahintulutan ang pagbabayad ng mga malabo o kaduda-dudang gastos o invoice ng third party na hindi maayos na naisadokumento o hindi kumpleto
- Siguraduhing kumpleto, makatotohanan, at tumpak ang mga ulat sa gastos at mga pansuportang resibo at dokumento
- Gumamit ng mga corporate card para sa mga lehitimong gastos sa negosyo
- Ibigay ang lahat ng makatotohanan at tumpak na pansuportang dokumentasyon na kailangan para matiyak na tumpak ang mga financial statement
- Gamitin ang tamang GL account para matiyak na magiging tumpak na accounting at regular na suriin ang ating mga gastos.



**Learn more**

Useful links

- Ericsson Governance

CoBE Relevant Documents:

- See section 4.4. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Makipag-ugnayan sa responsableng paraan

Nagsasalita tayo sa ngalan ng kumpanya kung pinahintulutan lang tayong gawin iyon at nag-iingat tayo kapag nagpo-post sa social media.

Nakasalalay ang ating reputasyon sa pagiging transparent, tumpak, at consistent ng ating mga pahayag sa publiko. Kaya naman mayroon tayong mga nakatalagang hakbang para matiyak na tamang impormasyon ang lalabas. Naaangkop ang mga hakbang na ito sa mga pahayag na ibinibigay mo sa publiko sa social media o sa mga artikulo, dokumento, talumpati, o iba pang pahayag na may kaugnayan sa negosyo ng Ericsson. Bagama't itinataguyod natin ang kalayaan sa pagpapahayag, bawat isa sa atin ay responsable at posibleng managot sa mga post o komento sa social media sa mga internal na platform na hindi naaayon sa ating mga pagpapahalaga at sa ating Compass.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Gumamit ng mahusay na paghuhusga at huwag mag-publish o mag-post ng kumpidensyal na impormasyon tungkol sa kumpanya at/o mga taong nauugnay rito
- Linawin na ang iyong mga pananaw ay pansarili mo at hindi ka nagsasalita para sa Ericsson (maliban kung pinahintulutan kang gawin iyon)
- Huwag mag-post ng anumang makakapagdulot ng kahihiyan o makakapinsala sa reputasyon ng Ericsson
- Gamitin ang mga internal na platform para sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng Ericsson (gaya ng Teams, Yammer, SharePoint, at Outlook) nang may paggalang at nang isinasaalang-alang ang lahat, nang kinokonsidera ang pananaw ng iba



**Learn more**

CoBE Relevant Documents:

- See section 4.5. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Ang ating pagtuon sa lipunan at kapaligiran

Nakatuon tayo sa paggalang sa mga karapatang pantao, pagbawas sa negatibong epekto sa kapaligiran, at pagsuporta sa pagpapaunlad ng lipunan at ekonomiya sa lahat ng komunidad kung saan tayo nagtatrabaho.

| | | |
|---|---|---|
| 5.1 | Itaguyod ang karapatan sa privacy at kalayaan sa pagpapahayag | 29 |
| 5.2 | Itaguyod ang ating pagtuon sa environmental sustainability | 29 |
| 5.3 | Bigyang-kakayahan at suportahan ang mga lokal na komunidad | 30 |

05

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Itaguyod ang karapatan sa privacy at kalayaan sa pagpapahayag

Iginagalang natin ang karapatan sa privacy at kalayaan sa pagpapahayag, bilang dalawang pinakamahalagang karapatang pantao na may kaugnayan sa teknolohiyang inihahatid natin.

Lubos tayong naniniwala na ang ating mga hardware, software, serbisyo, at solusyon ay naghahatid ng positibong pagbabago sa mga tao. Gayundin, nagsisikap tayong mapagaan at mabawasan ang panganib ng posibleng maling paggamit ng ating teknolohiya.

Mahigpit din nating itinataguyod ang kalayaan sa pagpapahayag at mga proteksyon sa privacy, nang paisa-isa at sama-sama sa iba pang stakeholder.

**Dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Igalang, itaguyod, at suportahan ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng responsableng pagpapasya, kasama na ang sa panahon ng pagpapaunlad ng produkto, paggamit at pagbebenta ng ating teknolohiya, at sa mga ugnayan sa negosyo sa mga customer at supplier
- Suriin ang mga external na kahilingan at demand na posibleng makaapekto sa kalayaan sa pagpapahayag o karapatan sa privacy ng mga indibidwal at siguraduhin na lehitimo, angkop, at kinakailangan ang mga nasabing kahilingan bago tayo umaksyon bilang tugon
- Isaalang-alang ang mga panganib ng maling paggamit ng ating teknolohiya sa mga pakikipag-ugnayan sa negosyo, sundin ang mga tamang pamamaraan sa pagbabawas ng mga nasabing panganib, at maglapit ng alalahanin kung ang mga nasabing panganib ay binabalewala o hindi sapat na natutugunan
- Aksyunan ang mga indikasyon ng maling paggamit at umatras kapag naaangkop
- Huwag ipursigi ang mga oportunidad sa negosyo kung saan alam nating magagamit ang ating teknolohiya sa maling paraan, o kung saan hindi posibleng magpatupad ng mga epektibong pagkontrol



**Learn more**

Useful links

- Business and Human Rights Statement

CoBE Relevant Documents:

- See section 5.1. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Itaguyod ang ating pagtuon sa environmental sustainability

May nagagawang pagbabago ang ating mga programa sa environmental sustainability para sa mundo at may naiaambag itong halaga sa lahat ng stakeholder.

Gumagamit tayo ng pamamaraang nakabatay sa agham at tatlong pangunahing batayan (pang-ekonomiya-panlipunan-pangkapaligiran) para makagawa ng positibong epekto para sa mga stakeholder sa lahat ng ating mga pagpapatakbo, sa buong portfolio natin, at sa lipunan. Nakatuon tayong bawasan ang negatibong epekto sa kapaligiran ng lahat ng ating pagpapatakbo at aktibidad. Ang environmental sustainability ay dapat maging pinag-isang diskarte na sumasaklaw ang lahat ng ating unit — isang paraan ng pag-iisip na mayroon tayong lahat bilang lakas paggawa ng Ericsson.

Dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Mag-ambag sa mga ambisyon at target ng Ericsson na may kaugnayan sa epekto sa kapaligiran ng ating mga pagpapatakbo at aktibidad at sa sustainability ng ating produkto
- Bawasan ang pagbiyahe para sa negosyo at isaalang-alang muna ang paggamit ng transportasyon sa lupa at dagat bago ang pagbiyahe sa eroplano
- Sundin ang lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at pamantayan sa kapaligiran sa mga merkado kung saan tayo nakikipagkumpitensya
- Ibigay ang lahat ng pansuportang dokumentasyon, impormasyon, at data na kinakailangan para matiyak na magiging tumpak ang pag-uulat ukol sa kapaligiran
- Sundin ang lahat ng kinakailangan, alituntunin, at rekomendasyon sa produkto na may kaugnayan sa kapaligiran
- I-report ang anumang insidente na may epekto sa kapaligiran sa pamamagitan ng Global Incident Reporting Tool (GIRT)



**Learn more**

**Useful links**

- Sustainability & Corporate Responsibility
- The Ericsson Lists of Banned and Restricted Substances

**CoBE Relevant Documents:**

- See section 5.2. of CoBE Relevant Documents

Ang ating Patnubay
Ang ating mga tao
Ang ating negosyo
Ang ating mga asset
Ang ating pakikipag-ugnayan

# Bigyang-kakayahan at suportahan ang mga lokal na komunidad

Binibigyang-kakayahan at sinusuportahan natin ang mga lokal na komunidad para makapaghatid ng positibong epekto.

Maingat nating tinatasa ang mga kontribusyon gaya ng mga membership, co-marketing/joint activity, sponsorship, donasyon, at pakikipagtulungan sa akademya para makumpirma na naaayon ang mga ito sa diskarte ng Ericsson sa pagsuporta sa mga karapat-dapat na inisyatiba na posibleng magkaroon ng pinakamahalagang epekto. Nagsasagawa tayo ng due diligence para matiyak na ang mga kontribusyon ay walang anumang aktwal o potensyal na conflict of interest – o posibleng may anumang kaugnayan sa mga hindi naaangkop na pagbabayad.

**Para makapagbigay ng kontribusyon, dapat mong gawin ang mga sumusunod:**

- Maghain ng kahilingan para sa mga kontribusyon alinsunod sa Proseso para sa Mga Kontribusyon sa buong Kumpanya
- Siguraduhin na ang mga pag-apruba sa negosyo, pagtatasa sa pagsunod at pagsusuri sa tatanggap, naisadokumentong kasunduan, pagsasagawa ng pagbabayad, at katibayan ay makukuha lahat nang naaayon sa proseso
- Isiwalat ang anumang koneksyon sa pagitan ng mga kontribusyon at mga customer, supplier, partner, pampublikong opisyal, o kasalukuyan o dating empleyado ng Ericsson

Lahat ng aktibong full-time at part-time na empleyado ng Ericsson ay kwalipikadong lumahok sa programa ng Ericsson Volunteers na sumusuporta sa kanilang kagustuhang sumuporta sa mga lokal na komunidad at magkaroon ng positibong epekto sa lipunan.



**Learn more**

Useful links

- Contributions at Ericsson
- Ericsson Response

CoBE Relevant Documents:

- See section 5.3. of CoBE Relevant Documents

ericsson.com/cobe
internal.ericsson.com/cobe